



Ang inyong opisyal na gabay sa 2019 pederal na eleksyon

SABADO IKA-18 NG MAYO 2019

Ang inyong boto ay makakatulong
sa anyo ng Australya



Sapilitan ang pagboto para sa lahat ng mga mamamayang Australyano
na may edad 18 taon at mahigit pa

Ang araw ng eleksyon ay sa Sabado ika-18 ng Mayo 2019.
Ang mga lugar ng botohan ay bukas mula 8n.u. at magsasara eksaktong 6n.g.

Saan ako maaaring bumoto?

Makakaboto kayo sa araw ng eleksyon sa alinmang lugar ng botohan sa inyong Estado o Teritoryo.

Ang mga lugar ng botohan ay karaniwang nasa mga lokal na paaralan, mga simbahan, at mga bulwagan ng komunidad o mga gusaling pampubliko.

Para malaman ang pinakamalapit ninyong lugar ng botohan, bisitahin ang www.aec.gov.au/where.

Ang mga detalye ng lugar ng botohan ay ilalathala rin sa mga kilalang pahayagan ng siyudad isang araw bago magbotohan.

Makakapag-usisa kayo sa mga detalye at kakayahan sa pag-access para sa may kapansanan ng mga lugar ng botohan sa www.aec.gov.au/where.

Para sa mga mapagpipilian sa pagboto ng mga bulag o malabo ang paningin, pakitawagan ang 13 23 26.

Kung nangibang estado kayo sa araw ng botohan, makakaboto kayo sa tinukoy na pang-ibang estadong sentro ng botohan (interstate voting centre) o pag-isipan ang mga mapagpipilian tungkol sa maagang pagboto na nasa ibaba.

Paano kung hindi ako makaboto sa araw ng eleksyon?

Kung sa araw ng eleksyon ay hindi kayo makakapunta sa lugar ng botohan ng inyong estado o teritoryo, maaaring marapat kayong bumoto ng maaga, alinman sa personal o sa pamamagitan ng koreo.

Paano ang personal na pagboto ng maaga

Makakaboto kayo bago pa ang araw ng eleksyon sa isang sentro ng maagang botohan, sa naglilibot na pangkat ng botohan, o sa isang sentro ng botohan ng Embahada ng Australya sa ibayong dagat.

Ang mga sentro ng maagang pagboto ay bukas mula Lunes ika-29 ng Abril 2019. Ang mga araw at oras ng pagbubukas ay nagkakaiba, kaya bisitahin ang www.aec.gov.au/where para mausisa ang mga detalye ng bawat pangmaagang sentro ng botohan.

Para sa dagdag na impormasyon pati na ang pagiging nararapat, bisitahin ang www.aec.gov.au o tumawag sa 13 23 26.

Paano ang pagboto ng maaga sa pamamagitan ng koreo

Kung karapatdapat, makakapag-aplay kayo ng pagboto sa koreo ng online sa www.aec.gov.au/pva. Makakakuha rin ng porma ng aplikasyon sa alinmang opisina ng AEC. Ipadala kaagad ang inyong aplikasyon sa AEC na matatanggap sa AEC nang hindi lalampas ng alas-6n.g. Miyerkules, ika-15 ng Mayo 2019.

Nagbago kaya ang aking rehiyon ng pagboto (electorate)?

Mayroon na ngayong 151 na mga dibisyon ng pederal na pagboto (pati na ang dalawang bagong mga dibisyon). Ang ilang mga dibisyon ay pinalitan ng pangalan at ang mga kahangganan ng karamihan ay nagbago mula pa noong nakaraang pederal na eleksyon.

Usisain kung anong 'electoral division' ang inyong lugar na tinitirhan sa www.aec.gov.au/electorate.

Kung sino ang iboboto ninyo ay sarili ninyong desisyon

Sa labas ng lugar ng botohan, ang mga kinatawan ng kandidato ay maaaring magbigay sa inyo ng kard na kung-paano-bumoto (how to vote card), na naghihikayat sa inyong bumoto sa isang partikular na paraan. Hindi kayo kailangang sumang-ayon o sumunod sa sinasabi sa kard na kung-paano-bumoto.

Paano mapapabilang ang inyong boto

Sa araw ng eleksyon, makakatanggap kayo ng **dalawang papel na balota**:

- isang kulay berde para sa Mababang Kapulungan at
- isang kulay puti para sa Senado.

Dapat ninyong kumpletihin ang dalawang papel ng balota.

Sa kulay berdeng balota, bumoboto kayo ng isang kinatawan para sa inyong lokal na lugar o 'electorate' sa Mababang Kapulungan.



Sa kulay puting balota, bumoboto kayo ng mga kinatawan ng inyong estado o teritoryo para sa Senado.

Huwag mag-alala kung kayo ay nagkamali. Makakahingi kayo ng panibagong papel ng balota at sulatan ito ulit.

Alam ba ninyo na makapagpapraktis kayong bumoto sa website ng AEC?
Puntahan ang www.aec.gov.au/practise-voting









Ang Mababang Kapulungan

Sa kulay berdeng balota, dapat ninyong lagyan ng numero **ang bawat kahon** sa pagkakasunod-sunod na pinili ninyo.

House of Representatives
Ballot Paper

State
Electoral Division of Division Name

Number the boxes from 1 to 8 in the order of your choice

	2	SURNAME, Given Names INDEPENDENT
	3	SURNAME, Given Names PARTY
	7	SURNAME, Given Names PARTY
	4	SURNAME, Given Names PARTY
	1	SURNAME, Given Names PARTY
	5	SURNAME, Given Names PARTY
	6	SURNAME, Given Names PARTY
	8	SURNAME, Given Names PARTY

Remember... number **every** box to make your vote count

SAMPLE

Halimbawa ng isang balota










Senado

Sa kulay puting balota, dalawang paraan ang mapagpipilian ninyo sa pagboto:

ALINMAN Sa itaas ng guhit

Kung pinipili ninyong bumoto sa itaas ng guhit, kailangang **sulatan ninyo ng numero ang hindi bababa sa 6 na mga kahon.**

Isulat ang numero '1' sa kahon para sa partido o grupo na inyong unang pinili, at ang numerong '2' para sa inyong pangalawang pinili at mga kasunod pa hanggang nasulatan ninyo ng numero ang anim na mga kahon. Maaari ninyong ipagpatuloy ang pagsusulat ng susunod pang mga numero sa itaas ng guhit sa dami ng mga kahong gusto ninyo.

Senato Ballot Paper State – Election of 6 Senators							
<p>You may vote in one of two ways</p> <p>Either</p> <p>Above the line</p> <p>By numbering at least 6 of these boxes in the order of your choice (with number 1 as your first choice).</p>	A	B	C	D	E	F	G
	 <input type="text" value="5"/> PARTY	 <input type="text" value="2"/> PARTY	  <input type="text" value="1"/> PARTY	 <input type="text"/> PARTY	 <input type="text" value="3"/> PARTY	  <input type="text" value="6"/> PARTY	<input type="text" value="4"/> PARTY

O KAYA

Sa ibaba ng guhit

Kung pinipili ninyong bumoto sa ibaba ng guhit, kailangang **sulatan ninyo ng numero ang hindi bababa sa 12 na mga kahon** mula 1 hanggang 12, para sa mga indibidwal na mga kandidato sa pagkakasunod-sunod na inyong pinili. Maaari ninyong ipagpatuloy ang pagsusulat ng susunod pang mga numero sa ibaba ng guhit sa dami ng mga kahong gusto ninyo.

Or	PARTY						UNGROUPED
<p>Below the line</p> <p>By numbering at least 12 of these boxes in the order of your choice (with number 1 as your first choice).</p>	<input type="text"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text"/> SURNAME Given Names INDEPENDENT
	<input type="text" value="1"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text" value="8"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text" value="3"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text" value="6"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text" value="10"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text" value="4"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text" value="7"/> SURNAME Given Names INDEPENDENT
<input type="text"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text" value="5"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text" value="2"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text" value="9"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text" value="11"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text"/> SURNAME Given Names PARTY	
<input type="text"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text" value="12"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text"/> SURNAME Given Names PARTY	<input type="text"/> SURNAME Given Names PARTY	

SAMPLE

Halimbawa ng isang balota

Huwag mag-alala kung kayo ay nagkamali. Makakahingi kayo ng panibagong papel ng balota at sulatan ito ulit.

Alam ba ninyo na makapagpapraktis kayong bumoto sa website ng AEC?
Puntahan ang www.aec.gov.au/practise-voting

Ano ang mangyayari sa lugar ng botohan?

- 1 Hihingan kayo ng opisyal sa botohan kung ano ang inyong buong pangalan at tirahan at kung bumoto na ba kayo sa eleksiyong ito. Mamarkahan nila ang inyong pangalan ng paguhit sa listahan ng mga botante.



- 2 Bibigyan kayo ng dalawang papel ng balota – isang kulay berde para sa Mababang Kapulungan, at isang kulay puti para sa Senado.



- 3 Dapat maingat ninyong basahin ang mga tagubilin sa parehong mga papel ng balota. Humingi ng tulong sa isang opisyal ng botohan kung hindi kayo nakatitiyak.



- 4 Kapag nakatapos na kayo, tupiin ang mga papel ng balota at ipasok sa tamang kahon ng balota.

Mga kapalit na bersyon nitong gabay

Makapagda- download kayo ng mga kapalit na pormat nitong gabay gaya ng 'audio' at malalaking imprinta ng letra sa www.aec.gov.au. Makakakuha ring ng Braille kung hihilingin sa pamamagitan ng pagtawag sa 13 23 26.

Kung kayo ay bingi o mayroong kapansanan sa pandinig o pagsasalita, tawagan kami sa pamamagitan ng National Relay Service:

- Sa mga gumagamit ng TTY tawagan ang 13 36 77 at banggitin ang 13 23 26.
- Sa mga gumagamit ng teleponong 'Speak and Listen', tawagan ang telepono 1300 555 727 at banggitin ang 13 23 26.
- Sa mga gumagamit ng 'Internet relay', kumonekta sa NRS pagkatapos ay hingin ang 13 23 26.

Impormasyon sa ibang mga wika

Ang mga bersyon na isinalinwika nitong gabay ay maaaring makopya mula sa www.aec.gov.au/translated.

Mga Serbisyo sa Pag-iinterprete sa telepono

Makakakuha ng mga serbisyo sa pag-iinterprete sa telepono tungkol sa pagboto at halalan. Tumawag sa 1300 720 153 at hingin ang inyong wika.

Sapilitan ang pagboto para sa mga mamamayang Australyano na may edad 18 taong gulang at mahigit pa. Kung hindi kayo boboto, maaari kayong makasuhan.

Kung bumoto kayo ng sobra sa isang beses, ito ay pagkakasalang kriminal.

www.aec.gov.au 13 23 26

